

Presidential Communications Operations Office
News and Information Bureau

**INTERVIEW WITH PCOO SECRETARY MARTIN ANDANAR
AND BUREAU OF IMMIGRATION SPOKESPERSON DANA SANDOVAL
BY PCOO ASSISTANT SECRETARY KRIS ABLAN
CABINET REPORT SA TELERADYO, RADYO PILIPINAS
FEBRUARY 28, 2020**

[33:35-46:45]

ASEC. ABLAN: Kasama po natin Spox Dana, on line right now is of course ang hepe ng PCOO, walang iba kundi si Secretary Martin Andanar. Welcome po Sec. Martin, live po tayo ngayon sa Cabinet Report sa Teleradyo, kasama po natin si Spox Dana Sandoval ng Bureau of Immigration.

SPOKESPERSON SANDOVAL: Sec. Martin, good evening.

SEC. ANDANAR: Good evening Spokesperson Dana at Kris. Magandang gabi, actually kalalapag lang ng eroplano, galing din kaming biyahe sa United Nations. Pero mayroon lang akong—

ASEC. ABLAN: Yes, welcome back po.

SEC. ANDANAR: Salamat po. Mayroon lang akong tanong kay Ma'am Dana. Kasi mayroon akong mga nakausap na OFW kanina, pinauwi daw sila – actually papunta sila ng Dammam tapos pinauwi sila. Ang tanong lang nila, “Sir, bakit kami pinauwi eh binigyan naman kami ng clearance sa Immigration, nakabiyaha kami.” Pero pagdating doon sa Dammam ay pinabalik sila, eh pagod na pagod na raw sila. So, they just wanted to know kung ano ba ‘yung sitwasyon. Mayroon bang travel ban doon sa Saudi?

SPOKESPERSON SANDOVAL: Well sa ngayon Sec., wala pa po tayong nare-receive na official communication. Nakipag-ugnayan na rin po tayo sa DFA para mapag-alaman po ‘yung situation doon kung nag-i-implement na po sila ng travel ban ng mga pumapasok po na mga Pilipino doon sa bansang iyon. But sa ngayon po, wala pa po tayong nakukuha. Siguro po sa mga susunod na araw, there will be more clarifications po with regards to this matter.

SEC. ANDANAR: Oo nga eh, sana iyong bansa mismo ng Saudi ay magbigay ng klarong mensahe. Kasi nabasa eh, paglapag nabasa ko kaagad iyong isang balita na even si Congressman Benny Abante ng Maynila ay hindi rin nakapasok ng Saudi. Kumbaga naka-diplomatic passport lahat pero hindi siya nakapasok dahil sa COVID-19. Siguro maganda kung ma-clarify ‘yan ng embassy ng Saudi government to the Philippines.

SPOKESPERSON SANDOVAL: Tama po. Napakahirap po kasi ngayon, ang dami pong bansa na biglang nag-i-implement po ng travel ban following the COVID-19 na kumakalat. So talagang

iyon nga po, that's why ang aming sinasabi po sa mga kababayan natin, kung ang mga travel naman po nila ay non-essential, ipagpaliban na lang po muna just for everyone's safety po.

SEC. ANDANAR: Oo, kagagaling lang namin from Geneva at binalita nga ni Ambassador Garcia na mayroon nang isa na pasyente na under investigation doon sa Geneva. And of course medyo ang malaking balita doon iyong sa Italy dahil napakadaming nahawa nitong COVID-19. So kaya kailangan talaga Spokesperson, na mag-ingat talaga ang mga kababayan natin. Hindi ibig sabihin na ngayon ay tayo ay maganda iyong pagpapatakbo ng DOH, ligtas iyong ating bansa... hindi ibig sabihin na tayo ay exempted diyan sa sakit na 'yan. Kailangan talaga ay sundin natin iyong protocol na ginawa ng Department of Health para mapanatili iyong ating hygiene.

SPOKESPERSON SANDOVAL: Tama po, tama po 'yan Sec. Talagang importante po na sundin po natin iyong mga recommendations ng Department of Health. It's really for everyone's safety, pati po itong mga ini-implement na travel na ito although it's a big inconvenience sabi nga po nila sa mga bumibiyahе lalo na po iyong mga nakapagplano na ng mga bakasyon nila ngayong upcoming Holy Week. But it's a sacrifice po that everyone has to make para naman po masigurado iyong safety po, hindi lang po natin as individuals but of course iyong mga tao po, iyong ating community, iyong mga tao po sa paligid natin.

SEC. ANDANAR: So ulitin lang natin Spokesperson, 'pag ang pasahero—kasi kanina dumaan ako ng Immigration; of course dadaan ka ng Immigration, nakita ko mayroong mga grupo doon na mga Pilipino, mayroon ding foreigner na binibigyan ng lecture 'ata. Hindi ko alam kung Immigration nagbigay ng lecture o the Department of Health ba iyon. Nagtaka nga ako, itong mga binigyan ng lecture, ito ba'y galing Hong Kong, galing Macao, galing China... Baka puwede mo lang pakipaliwanag lang sa amin Spokesperson kung sino itong mga kinakausap on a daily basis?

SPOKESPERSON SANDOVAL: Well iyong mga departing Sec. na mga Filipino nationals na exempted po dito sa mga travel ban natin like iyong mga OFW, mga estudyante, mga student visa holders, mga permanent resident, pinapapirma po sila ng declaration na alam po nila iyong risks na kanilang kinakaharap, as well as binibigyan po sila ng briefing ng proper government agencies, I think it's POEA as well as the Bureau of Quarantine, on ano po 'yung mga puwede nilang gawin para maprotektahan po nila iyong kanilang mga sarili during their travel and during their stay po doon sa bansang may ban.

So iyon po, we believe po napakahalaga po nito na ma-impart po sa ating mga kababayan kung ano po 'yung mga puwede nilang gawin para maprotektahan po iyong kanilang mga sarili.

SEC. ANDANAR: May kausap ako kanina habang nandoon ako sa Istanbul, habang naghihintay kami ng flight to Manila. Sabi niya, "Sir, papaano po kung halimbawa iyong estudyante ay—or iyong," you know, "pasahero ay galing Europe tapos dadaan ng Japan o dadaan ng Hong Kong, parang stopover lang. kailangan pa bang magpa-self quarantine?"

SPOKESPERSON SANDOVAL: Siguro po sa quarantine, it would be the Bureau of Quarantine who would assess. Pero sa atin po kasi, part pa rin po ng travel ban iyong mga nagta-

transit. So kung iyan ay foreign national po na dadaan po sa China, Hong Kong and Macao, hindi po natin papayagan ‘yan. But kung Filipino po, papayagan po natin ‘yan subject to the assessment of the Bureau of Quarantine kung kailangan nilang mag-14-day quarantine.

Kung sa Korea naman po like I mentioned earlier po during the discussion, iba po kasi iyong sa Korea dahil isang region lang po iyong mayroon po tayong travel ban. So kung magta-transit po sila via Incheon halimbawa which is the usual route, hindi naman po sila kasama doon sa mga nasa travel ban, so papayagan po silang pumasok.

SEC. ANDANAR: So iyong Japan hindi rin kasama? Kasi ‘di ba mayroong mga kaso doon na isang cruise ship na may mga nahawa. Ito ba’y kasama rin sa may travel ban or kasama kahit na ikaw ay in transit lang ng Japan, eh pagdating mo dito either pagbawalan kang pumasok or kailangan mong mag-quarantine?

SPOKESPERSON SANDOVAL: Sa ngayon po, hindi pa naman po kasama iyong Japan sa mga may travel ban. But that would be discussed po siguro sa mga susunod na linggo ng interagency po.

SEC. ANDANAR: Ah, iyon... Salamat Spokesperson. Kris, baka mayroon ka pang gustong sabihin?

ASEC. ABLAN: Ay congratulations po Sec. Martin at very successful po ang inyong pagpunta sa Europe. Napaka-busy po ng schedule ninyo, napansin ko po sa mga post ng Presidential Communications Facebook page na, my gosh sir, everyday po yata iba po yata iyong pinuntahan ninyo, talagang haggard na haggard po kayo. So anu-ano po iyong mga lugar na napuntahan ninyo, Sec. Martin?

SEC. ANDANAR: Eh tama ka, talagang ‘Hagardo Versoza’ iyong dating namin doon [laughs]. Eh unang-una, pumunta kami ng Paris tapos on the same day meeting agad; tapos kinabukasan mga FilCom, media engagements. Tapos after that, the next day dumiretso na kami ng Brussels, tapos ganoon na naman. Tapos the next day dumiretso na kami ng The Hague, and then another set of meetings/engagements to the Filipino Community, mga politician, parliamentarians, iyong mga think tanks... media of course.

And then the next day direktso kami ng London, tapos and then after that dumiretso kami ng Geneva for the same activity plus the 43rd United Nations Human Rights Council High Level Segment Meeting kung saan ay tayo nga ay nabigyan ng pagkakataon na i-deliver ang mensahe ng Pilipinas sa harapan mismo ng plenary ng United Nations.

ASEC. ABLAN: We played snippet of your speech Sec. Martin, hats off po. You’re very, very eloquent and passionate talking about our human rights record po, so kumusta naman po ang reception ng Council?

SEC. ANDANAR: Actually tama ka, very passionate po iyong pag-deliver ko dahil alam mo siyempre hindi naman natin talagang tatanggapin lang at hindi tayo uupo lang doon sa unfair na desisyon noong United Nations Human Rights Council na pinagbotohan ng Council nga sa

pangunguna ng Iceland ‘di ba noong nakaraang taon. So doon ay nilahad natin iyong mga points na kung bakit ay baseless iyong kanilang allegations of red tagging, extra judicial killing, iyong walang press freedom, etcetera. So I guess sa sobrang passionate ng speech, noong mensahe, nagpalakpakan iyong mga Ministers doon na present.

ASEC. ABLAN: Wow...

SEC. ANDANAR: Eh kasi hindi naman sila nagpapalakpakan, hindi mo alam—kumbaga walang ganoon eh. Alam mo very formal iyon ‘di ba, very solemn so nagpalakpakan sila and then pag-exit ko on the rostrum ay there were Ministers who shook my hand, congratulated us, the Philippines. So it was very successful, we were able to deliver our message rebutting the arguments of the critics towards the administration of President Duterte.

Ang pinakamaganda dito ay naihatid natin iyong mensahe natin, nakinig silang lahat and naparamdam natin sa kanila na seryoso tayo sa ating pagpapatakbo ng ating gobyerno at hindi tayo papayag na maapektuhan iyong pag-asenso ng ating bansa dahil lang sa mga ilang mga movers and shakers from the other side of the political fence na ayaw tayong paasensuhin.

Ganoon lang naman ‘yan, and then next crucial meeting of the United Nations Human Rights Council will be this June 2020. So between now and June, we must be able to communicate with everybody in Geneva.

ASEC. ABLAN: Well once again Sec. Martin, congratulations po on your very successful trip po to Geneva and addressing the United Nations Human Rights Council. We know, and I know sir you are very tired, you just arrived and so we will see you next week po Sec. Martin.

SEC. ANDANAR: Opo. Salamat, salamat Kris! Ako rin magpapasalamat sa ating mga Ambassador... sa Paris, si Ambassador Lazaro; Ambassador Lagdameo sa London; Ambassador Leda dito sa The Netherlands. Alam ko ka-brod mo ‘ata si Ambassador Ledda, si Jet Ledda.

ASEC. ABLAN: Opo, Amba Jet Ledda po.

SEC. ANDANAR: Oo. Tapos si Ambassador De Vega ng Brussels; Ambassador Garcia dito po naman sa Permanent Mission ng Pilipinas sa Geneva. Nagpapasalamat tayo kanila sa napaka-professional at dedicated and warm welcome that they gave our delegation. Pasalamat tayo sa mga Filipino Communities na nakikinig ngayon. Huwag po kayong mag-alala dahil nandito po iyong Presidential Communications Operations Office, nakaalalay po sa inyo kung mayroon po kayong mga kailangan, nandito po kami para magbigay ng mga impormasyon. Pasalamat din tayo sa mga think tanks na nakausap natin, parliamentarians na nakausap natin at ang media of course, na talagang ating sinisiguro na mayroong engagement.

Thank you Kris at magandang gabi sa iyo. Magandang gabi sa lahat ng mga kasamahan natin diyari sa Radyo Pilipinas, magandang gabi po. Maayong gabii sa tanan na mga naminaw sa atong programa karon, salamat, happy weekend.

ASEC. ABLAN: Happy weekend, Sec. Maraming salamat po, iyan po si Secretary Martin Andanar.

###

Source: PCOO-NIB (News and Information Bureau-Data Processing Center)